Pinahaba ng FEMA ang Deadline para Mag-apply para sa Hurricane Ian Federal Disaster Assistance hanggang Ene. 12

Release Date: November 21, 2022

BRANDON, Fla. – Sa kahilingan ng State of Florida, ang mga nakaligtas sa Bagyong Ian na nakaranas ng pinsala sa kanilang ari-arian ay may karagdagang oras para mag-apply para sa tulong ng pederal na kalamidad.

Pinahaba ng FEMA ang deadline ng aplikasyon hanggang Ene. 12, 2023, para sa mga nakaligtas sa Brevard, Charlotte, Collier, DeSoto, Flagler, Glades, Hardee, Hendry, Highlands, Hillsborough, Lake, Lee, Manatee, Monroe, Okeechobee, Orange, Osceola, Palm Beach, Pasco, Pinellas, Polk, Putnam, Sarasota, Seminole, St. Johns at Volusia counties.

Mayroong maraming Disaster Recovery Center na tumatakbo sa buong lugar na apektado. Para makahanap ng center na malapit sa iyo, mag-online sa: DRC Locator o floridadisaster.org, o mag-text DRC kasama ang iyong Zip Code sa 43362.

Hindi kailangan bumisita sa Disaster Recovery Center para mag-apply. Ang mga nakaligtas sa sakuna ay maaaring mag-online sa disasterassistance.gov, gamitin ang FEMA mobile app o tumawag sa 800-621-3362. Bukas ang linya araw-araw mula 7 a.m. hanggang 11 p.m. Eastern Time. Mayroong tulong sa halos lahat ng wika. Kung gumagamit ka ng serbisyo ng relay, tulad ng video relay (video relay service, VRS), teleponong may caption, o iba pang serbisyo, ibigay sa FEMA ang numero para sa serbisyong iyon. Para makita ang isang accessible video tungkol sa kung paano mag-aplay, bumisita sa: Three Ways to Register for FEMA Disaster Assistance - YouTube.

Kung mayroon kang insurance, hinihikayat kang maghain ng claim para sa pinsala sa iyong tahanan, personal na ari-arian at mga sasakyan bago ka mag-apply para sa tulong ng FEMA. Hindi maaaring i-duplicate ng FEMA ang iba pang mapagkukunan ng tulong na maaaring natanggap mo.

Para sa pinakabagong impormasyon sa pagbangon ng Florida mula sa Bagyong Ian, bisitahin ang floridadisaster.org/info at fema.gov/disaster/4673. Sundan sa FEMA Region 4 (@femaregion4) / Twitter sa at facebook.com/fema.

###

Ang misyon ng FEMA ay ang tulungan ang mga tao bago, sa panahon, at pagkatapos ng mga sakuna.

Ang lahat ng tulong sa sakuna ng FEMA ay ipagkakaloob nang walang diskriminasyon sa mga batayan ng lahi, kulay, kasarian (kabilang ang sekswal na panliligalig), oryentasyong sekswal, relihiyon, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, limitadong kasanayan sa Ingles, katayuan sa ekonomiya. Kung naniniwala kang nilalabag ang iyong mga karapatang sibil, maaari kang tumawag sa linya ng Civil Rights Resource
sa 833-285-7448.